

Ilusyong Solusyon

Bagamat ang pagtatayo ng mga data center ay makakapaglikha ng magandang pagkakataon, lilikha ng mga trabaho na tutugon sa problema sa kahirapan at makakapagpalakas ng ekonomiya. Hindi maiaalis ang na magdudulot ito ng maraming problema na tiyak mamamayan ang tatamaan at mga mayayaman ang tolong makikinabang.

Ang Pax Silica ay isang inisyatibo na naglalayon ng kapayapaan at kumukuha ng mga natural o likas na yaman upang makagawa ng mas makabagong uri ng teknolohiya. At nitong Agosto ay iminungkahi ng Bases Conversion and Development Authority ang paglalagay ng (Data) - data bases sa New Clark City. Malaki ang gagamiting lupa, maging ang lupang kinalalagyan ng mga bahay ng ilang katutubo na mula pa sa kanilang mga ninuno.

Mga hamak na mamamayan na pagkakaitan ng karapatan upang maipatayo ang makinang itinuturing na pag-asa. Makakalikha nga ng trabaho, marami naman ang mawawalan ng bubong na masisilungan at dadagdag sa mga taong naghihirap.

Ayon pa kay BCDA President Joshua Bingsang, hindi sapat ang kuryente at tubig na tutugon sa pangangailangan ng naturang pasilidad. Isa sa mga pangunahing pangangailangan na madalas problema ng mamamayan dahil sa pagiging kulang. At ang may tanging kakayahan, ang mga taong may perang mahuhugot sa bulsa

Sa kabilang banda ang naturang programa ay hindi maipagkakailang malaki ang maitutulong sa bansa, kinakailangan nga namang magsakripisyo upang magkaroon ng kaunlaran. Tutulong sa mga krisis na natatamasa ng bansa.

Ngunit magpasahanggang ngayon ay wala itong kasigurohan. Kumikilos ang mga pribadong tao maipalayo ang naturang pasilidad. Pinag-uusapan ang magandang paglalagyan. Sa katunayan ang VIRTB na sangay ng PLDT ay gagawa ng isang na makakapaglikha ng 100 megawatts (MW) upang matugunan ang pangangailangan sa kuryente.

Bilang negosyante hindi ka gagawa ng proyektong walang magandang maidudulot sayo. Kung kayat nararapat lamang bilang mamamayan na isiping mabuti ang idudulot ng naturang proyekto. At naway unahin ng pamahalaan ang ikakabuti ng mamamayan

Hindi na matatawag na pagkakataon ang naturang proyekto dahil lumilikha lamang ito ng ilusyong solusyon sa problemang kinakaharap ng pangkaraniwang mamamayan at mayayaman ang totoong makikinabang.

Walang dapat paglagyan

Handwritten signature

Noong agosto, pilit-diin ng namamahala ng Pax silica na ipatayo ito, ngunit hindi dapat pumayag ang mga mamamayang Pilipino na ilagay sa Pilipinas ang pagpapatayo ng proyekto, ng sa ganon mapangalagaan natin ang naturang atin. Ang pax silica ay sabing para sa kapayapaan pero ang totoo na nakakasira naman sa kalikasan, gayunpaman kailangang hindi basta-basta na isakripisyo ang ating paninirahan dahil sa kanilang sariling interes lamang na dapat ipahinto ng kagawarang Department of Environment and Natural Resources (DENR). Hindi lang tayo ang maaagrabyado pagdating sa mga planong ito kundi pati na rin pagdadala ng problema dahil sa milyon-milyong kuryente, tubig at kapasidad ng natural resources ang labis na masisira at maaabuso sa proseso na mangyayari.

Gayunpaman, alam natin na walang tatanggap sa ganitong proyekto na maraming problema ang dulot, bukod sa pangkalikasan kasali din ang kalusugan, pangkabuhayan at pangangailangan ng mga tao. Datapwat, ang pax silica ay dapat ng ihinto at wag ng ipaglaban pa, dahil paulit-ulit lang ito tatanggihan ng tao. Hindi sila papayag kung alam nilang wala silang mapapala at matatanggap sa proyektong pilit na ipinapatayo. Total gusto naman ng nagkasunduang namahala na magpatayo ng pax silica, doon na din sila at maghanap ng iba. Hindi laruan ang Pilipinas para hiram ang naturang taglay ng kalikasan para gamitin sa walang say-say na Pax silica.

Una, ang tubig ay mahalaga sa buhay ng bawat pilipino. Ginagamit ito sa araw-araw na gawain at higit sa lahat ay malaking bahagi ng pangkabuhayan. Hinding-hindi maghihintay ang mga tao na matakayan ng katubigan para lamang sa milyong litrong pagsasayang ng litro ng tubig para "i-cool down" ang makina, dahil iisipin nilang hindi naman iyan "worth it" kumbaga pa. Kung ginamit pa nila ito, pangloto, panghogas, at pangligo mabubuhay pa sila. Hindi nga sila pumayag na ibigay sa Tsina ang West Philippine Sea, hahayaan pa kaya nilang mawalan ng tubig ang karagatan.

Pangalawa, masisira ang yamang lupa at taglay nitong mineral. Hindi naman tatangi ang mga pilipino kung tama ang gawi nila. Ipinaghirapan ng maraming bayani at ninuno ang kalikasan para may mabuting ipamana sa susunod na henerasyon. Paano pa maninirahan ang susunod na henerasyon kung pati yamang lupa at mga natural na mineral ay wala na dahil sa lubos na pang-aabuso. Hindi naman pwede na wala ng halaman ang matira dahil hindi na sila nabubuhay sa lupa dulot ng walang mineral, sa kabilang banda maiituturing na walang buhay ang susunod na henerasyon. Marahil, marami ding mina ang pinigilan dahil ayaw nilang masira ang taglay na yaman ng ating naturang lupa. Ibig sabihin, mas talong kontra ang mga tao dahil nakakasira din ito sa kung anong meron tayo.

Pangatlo, walang oportunidad na makukuha ang mga pilipino. Sabihin nating meron dahil AI mismo magbibigay ng trabaho, ngunit talaga ba na masusustina nito ang trabahong kaakibat AI? Hindi, dahil kapag tumagal ang mga tao ay mapapalitan na din ng AI dahil sa taglay nitong "advancement." Pansamantala lang ito na trabaho bilang pagpapakitang tao na may magbibigay nga itong trabaho. Wala na ngang trabaho ang mga pilipino dahil ginamit sa proseso ang kanilang pangunahing pangangailangan, masisira pa ang kalikasan, sa huli babaghat din sila mismo na pinangakuan. Walang katiyakan ang bawat sinabi ng pamahalaan kapag sila ay kailangan, tapos pagnakuha naman, wala kang tulong na maaasahan. Sa madaling salita, wala sa gawa ang kanilang sinasabi. Bilang kapalit, dapat pagtuon ang rekord nila, alinsunod sa Artikulo II, Seksyon 1. sa 1987 Constitution, upang malaman magaling lang ba sila sa salita.

Sa huli, kung gugustuhin at pipilitin tayo nilang mga namamahala dapat tanggihan agad ito ng walang pagdadalawang isip. Mas mainam na isipin ang sarili kaysa sa mga taong makasarili. Gayundin, ninais man nilang maghanap ng puesto, kahit saang lupatop ng bansa walang mabuting tulong ang maidudulot ng pax silica, kayat hanggat maaari humindi at tumutol. Marahil sabihin man nilang magbibigay ng trabaho kaakibat ng lupa, tandaan na sa salita lang sila magaling at wala pang napapatunayan. Masira man ang proyekto nila wag lang ang mga bagay na bumuhay sa kanila at tumutustas sa pangangailangan.

31

Nakasalala AI

Sa patuloy na paglagaanap ng teknolohiya, mas talong lumalaki ang bilang ng mga gumagamit ng Artificial Intelligence (AI) sa Pilipinas. Sa nakaraang SONA o Statement of the Nations Address ni President Ferdinand Marcos ay kaniyang nabanggit ang patungkol sa proyektong Pax Silica na may kaugnayan sa AI. Ang proyektong ito ay isang initiative ng US o United States upang mapantayan ang patuloy na paglago ng China lalong lalo na sa larangan ng teknolohiya. Malaki ang papel na ginagampanan ng AI lalo na sa larangan ng edukasyon, kung kaya ang mga proyektong susuporta rito ay nararapat na pagtibayin at paigtingin.

Kaugnay nito, sa nakalipas na mga buwan, naging kontrobersyal ang usapin patungkol sa proyektong Pax Silica. Marami ang hindi sang-ayon sapagkat nakatanglaw sila sa mga posibleng negatibong epekto nito gaya na lamang ng malaking bilang ng gigawatts ng kuryente, milyong litro ng tubig at iba pa. Kahit saang anggulo tingnan, mas marami ang posibleng negatibong epekto na hatid ng proyekto kung ikukumpara sa posibleng positibong epekto nito.

show

Gayunpaman, kung sakaling maisasakatuparan ang proyektong ito na maayos, mas lalawak ang oportunidad lalo na sa larangan ng trabaho at ekonomiya. Batay sa datos, milyong trabaho ang maaaring ialok ng proyekto kung sakali man. Kung maipapatupad, maaaring matugunan ang mataas na bilang ng mga Pilipinong walang trabaho na batay sa ulat ng Alto Broadcasting System and Chronicles Broadcasting Network (ABS-CBN), itinatayang nasa 6% ang bilang nito. Sa ganitong paraan, magkakanon ng balanse sa pag-unlad ng ekonomiya at pag-unlad ng mga taong nasa laylayan.

Sa kabilang dako, malaki rin ang ginagampanan ng AI sa larangan ng edukasyon. Isang pindot lamang ay ibinibigay na nito ang mga kailangan ng mga mag-aaral laban sa mga gawain pangpaaralan. Ayon pa sa World Meteorological Organization (WMO) umabot ng 83% ang bilang ng mga mag-aaral na gumagamit ng AI gaya ng ChatGPT. Sa kabila ng tulong na naibibigay nito, mahalagang malaman at mabatid ang responsableng paggamit nito. Ito ang ating magsisilbing kalasag upang hindi unti-unting manakaw ng AI ang ating mga natural na kakayahan.

Samantala, kahit na inihwalay ang hyperscale data centers sa Pax Silica, hindi pa rin nito maitatakwil ang tunay na problema. Sa katunayan, noong Agosto, inihayag ng Bases Conversion and Development Authority na ang nakatalang development ng Pax Silica sa New Clark City ay pangungunahan ng advanced manufacturing facilities at hindi large AI hyperscale data centers. Ngunit ang tanong ng karamihan ay kung hindi mapalolob ang hyperscale data centers sa Pax Silica, saan ito ilalagay ng Pilipinas? Ang pagsasagawa ng mga proyektong kagaya nito ay nangangailangan ng masusing pagsusuri sa mga posibleng epekto na dulot nito, kung kaya, hindi maaaring isagawa o ilagay sa kung saan-saan lamang.

Sa kabila nito, hindi pa rin maikakaila ang posibleng pag-unlad ng bansa lalo na at layunin ng proyektong ito na paangat in ang posisyon ng Pilipinas sa larangan ng teknolohiya, partikular na sa AI. Isa itong hakbang upang matamasa ang pag-unlad na matagal na nating inaasam. Kung magiging maayos ang implementasyon, hindi mawawala ang epektong maaaring handog nito.

Sa kabilang banda, kung kapalit ng pag-unlad na ito ay ang kapakanan ng bawat isa lalo na ang ating kalikasan, nabuti pa at huwag na lamang itong isakatuparan. Kabilang ang ating kalikasan sa mga may malaking negatibong epekto na dulot ng proyekto. Kung ito ay ating hahayaang masira, para na rin nating sinisira ang kinabukasan ng susunod na henerasyon.

Sa kabuoan, mahalagang isaalang-alang ng pamahalaan ang mga salik na maaaring maapektuhan ng bawat proyekto. Mas mahalaga ang kalagayan ng bawat isa kung ikukumpara sa mga proyektong hatid ay pagkasira. Nakasalalay ang pag-unlad sa ating gobyerno kaya inaasahang magkaroon pa ng isang proyekto na kung saan mapapauunlad ang ekonomiya at mapapanatili ang kaayusan ng bawat isa.

Imprastrakturang Salat

Mabuti man ang layunin ng teknolohiya, hindi pa rin dapat balewalain ang maramang epektong kaakibat nito. Mariing kinuwertiyon na kung saan nga ba dapat ipatayo ang mga data centers para sa Pax Silica. Subalit, nararapat muna pag-iripan kung ano ang mga posibleng epekto nito hindi lamang sa kalikaran kundi pati na rin sa mga mamamayang Pilipino.

Bagama't nakikita nang pamahalaan na ang Artificial Intelligence economy ay nakatutulong sa bansang Pilipinas, hindi dapat irantabi ang epekto nito lalong-lalo na sa mga yamang-tubig, kuryente, at lupaing tinitirhan ng mga mamamayan. Lantarang inilunsad ng pamahalaan na layunin ng data centers ay mapa-unlad ang ekonomiya ng bansa. Gayunpaman, bago ito makamit kinakailangan pa nating magrakripiyo, magkaroon ng kakulangan sa tubig at kuryente.

Kahanga-hanga ang pag-unlad ng teknolohiya sa iba't ibang bansa. Mula sa datos, matutulongan tayong mga Pilipino ng data centers upang mas magkaroon ng tama at rapid na access sa tubig at kuryente. Ngunit, sa kasalukuyan, unti-unti nating nakikita na nahihirapan tayo sa paulit-ulit na patay at rindi ng kuryente, at tubig na tatlong araw lamang sa isang linggo kung magkaroon.

Kapuri-puri ang pagkakaroon ng data centers na makakatulong sa buong Pilipinas. Bate sa mga ulat, ang pagtatayuan ng mga data centers na ito ay nasa parte ng Luzon kung saan maraming Pilipinong nakatira at nagtatanim sa daan-daang hektarya. Subalit, kung pagtatayuan ng mga data centers ang rakahang tanging inaasahan ng mga magkasaka sa kanilang hanap-buhay, sila ang higit na maaapekthhan dahil mawawalan pa ng trabaho, mawawalan din sila ng tirahan.

Hindi maikakailang ang mga imprastrakturang nais ng pamahalaan ay posibleng makatulong sa bansa. Batay sa mga konkretong detalye, ang mga data centers na ito ay handa na ngunit wala pa ring raktong lokasyon na pagtatayuan ng mga ito. Gayunpaman, nararapat na pag-icipan ng pamahalaan ng mabuti upang walang kahit na sino o ano ang maaapektuhan.

Ang mga data centers na pinaplanong ipatayo ay hindi maikakailang makakatulong hindi lamang sa mga mamamayan kundi pati na rin sa buong bansa. Ngunit, hindi dapat ipagrawalang bahala ang kalikarang maaapektuhan at mga taong naniniwala na magiging totoo ang layunin ng mga data centers na ipapatayo.

Kinakailangang magkaroon ng mga hakbang ang pamahalaan upang masigurong mabuti ang epekto ng mga imprastrakturang ito. Una, tiyaking walang maramang epektong kaakibat nito sa tao at kalikaran. Pangalawa, panatilihin walang mawawalan ng trabaho at tirahan ang mga mamamayan. Pangatlo, siguraduhing may sapat na pondo para rito.

Sa huli, ang pag-unlad ng teknolohiya ay hindi marama, ngunit leung tayong mga tao lang din naman ang magdurusa sa huli, wala itong sayrapi dahil ang tunay na layunin ng pamahalaan ay ang kaligtaran at kaulanan ng mga mamamayang Pilipino at ng bansang Pilipinas.



Kaginhawaang May KABAYARAN



Sa paglaganap ng mga Artipisyal na Katalinuhan ay naging sentro ito ng mga diskusyon labo na ang pagpapantala sa pagpapatayo ng PAX Silica, at marami ang mga bagay na ikinokon- sidera sa pagpapatayo nito. Ayon sa Bases Conversion and Development Authority na ang pagpapantala sa pagpapatayo ng PAX Silica sa New Clark City ay mangangailangan ng mga mas adbang at mabilisang pasilidad na hindi lamang dapat bumabase sa kung gaano kalaki ang irang hub. Dagdag pa aniya na ang kasalukuyang kapasidad ng kuryente at tubig sa New Clark City ay hindi magiging sapat sa irang adbantiradong pasilidad. Ngunit ang tanong, hanggang saan nga ba aabot ang pag- sasakripisyo ng ating ekonomiya at mga mamamayan makamit lamang ~~sa~~ ang pagtugon sa pangangailan ng Artipisyal na Katalinuhan?

Ayon sa BCDA, 1,620 na ektarya ng lupain sa New Clark City ang maring gamitin sa panukalang ito at siniguraduhing mabibigyan ng tamang halaga ang mga lupain, gayundin ang magiging trabaho ng mga magsasaka at ang kanilang tutubuyan. Ani nila na hindi magkakaroon ng problema sapagkat ang kanilang pangkabutuhan ay masari pang lumago.

Binigyang diin rin ng BCDA ang maling pag-arkata sa paggamit ng tubig, hindi raw umano ito ang babawas ng maraming tubig dahil makakablong ito sa pagprepreserba sa malinis na tubig^{at} mayor na kuryente dahil ang prosesong gagamitin ay on-loop lamang o paulit-ulit lamang.

Iginiit nila na hindi ito makakaapekto sa pangaraw-araw na kabuhayan ng mga Pilipino sa kadalihanang ang lugar na kanilang pagtatayuan nito ay nararapat na may matatag na kapasidad sa kuryente, at tubig, matibay na koneksyon ng kable, malaking lupa, mga eksperto at propesyonal sa siyensiya at matematika at ang pagiging tago at iwas nito sa mga natural na pinsamang ating nararanasan.

Ngunit tila taliwala ang mga mamamayan nito ng dahil sa pagbibigay nila ng maraming halaga sa mga may-ari. Itinatayang \$30.00 lamang ang inilagay na presyo sa isang ektarya at humigit kumulang \$44,600.00 lamang ang halaga ng pagbili nila sa mga lupa na siyang ikinagalit ng mga magrasta. Aninila hindi na ka nila kanilangan ang pera na iyon at hindi nila ipinagbibili ang lupa sapagkat matagal na ito na ang bumubuhay sa kanila. Maari ring hindi mabigyan ng trabaho ang mga magrasta kung sakaling mapatipad ang PAX Xilica dahil sa mga trabahante mismo ng At Hub na ito ay nakalista at nakapila na, at siyang nagmula sa ibang bansa.